

ANO ANG PROYEKTONG FREIA?

Ang Proyektong FREIA ay pinondohan ng EU upang isulong ang mga pamamaraan ng pagsuri ng mga kemikal na gumagambala sa sistemang endokrin (sa ingles ay ENDOCRINE DISRUPTING CHEMICALS o EDCs) na masama para sa kalusugan ng mga kababaihan. Ang Proyektong FREIA ay:

1

...makakatamo ng mga bagong pag-unawa at mga pananaw sa masamang epekto ng pagkagambala ng sistemang endokrin sa kalusugan ng mga kababaihan.

2

...makakagawa ng bagong pamamaraan ng pagsuri at patibayin ang umiiral na pamamaraan ng pagsuri ng EDC na masama para sa kalusugan ng mga kababaihan at suportahan ang regulasyong pangproteksyon

3

...magsulong ng napapanatiling opsyon para sa malusog na lipunan at pabutihin ang kalusugan ng mga kababaihan.

BAKIT MAHALAGA ANG EDCs?



MAY EDCs KAHIT SAAN

Karamihan ng EDCs ay mga kemikal na gawa ng tao na ating ginagamit sa pang-araw-araw. Ito ay nakakagambala sa ating kalusugan na maaaring sanhi ng sakit.



KAHIT KAUNTI AY MAAARING MAKASAMA

Ang dami na karaniwang sinasabing 'ligtas' para sa tao ay batay sa tradisyonal na pamamaraan ng pagsuri na madalas ay hindi nakukuha ang epekto sa sistemang endokrin.




EPEKTO AY PANGMATAGALAN

Ang epekto ay maaring mangyari ilang taon pagkatapos masagupa ang EDC. Bukod dito, ito ay maaaring makaapekto sa mga susunod na henerasyon.



PERMANENTENG PINSALA SA KALUSUGAN

Ang kalusugan ng mga kababaihan ay maaaring mapinsala at magsanhi ng sakit na hindi na magagamot.



ANG EPEKTO AY MADALAS NAKAKALIGTAAN

Ang mga regulasyong ginagamit ngayon sa pagsusuri ng EDCs ay hindi sapat upang alamin kung anong kemikal ang EDC.

MGA HALIMBAWA NG MGA KILALANG AT PINAGHIHINALAANG EDCs



BISPHENOL A



MGA KEMIKAL NA PANGPATAY NG PESTE



PHTHALATES TULAD NG DEHP



PERFLUOROALKYL SUBSTANCES TULAD NG PFOA AT PFOS

PAANO NAAPEKTUHAN NG EDCs ANG KALUSUGAN NG KABABAIHAN?

Ang kalusugan ng kababaihan, lalo na ang kalusugang reproduktibo, ay madalas nauugnay sa mga hormones ng sistemang endokrin. Bukod sa mataas na timbang at paninigarilyo, ang EDC ay maaaring makaapekto ng kalusugan ng mga kababaihan. Ang EDC ay maaaring makagambala sa mga hormones sa anumang yugto ng buhay, mula sa loob ng sinapupunan hanggang sa pagtanda, na maaaring maging sanhi ng iba't ibang mga sakit.



MAAGANG MENOPOS



KANSER SA SUSO



POLYCYSTIC OVARY SYNDROME



ENDOMETRIOSIS




HIRAP NA MABUNTIS




HINDI REGULAR NA REGLA



PAGDADALAGA



MAY SAPAT NA GULANG



PAGHARAP SA MGA ISYU NG EDCs

Importante para sa FREIA na ibahagi ang mga resulta ng aming mga eksperimento at ipaalam sa publiko ang mga potensyal na epekto ng EDCs sa kalusugan.



PAGSULONG SA PAGSUSURI NG EDC PARA SA MAS PANGPROTEKSYON NA REGULASYON NG MGA KEMIKAL

SAPAT NA IMPORMASYON TUNGKOL SA EDCs PARA SA MAS MAHUSAY NA PAMUMUHAY



Alamin ang karagdagang impormasyon sa www.freiproject.eu



PAGKILALA SA TAGA-PONDO: Ang proyektong ito ay nakatanggap ng pondo mula sa programang Horizon 2020 ng European Union (grant agreement No 825100 [FREIA]). Ang resulta ay sumasalamin sa mga pananaw ng mga may-akda lamang at ang European Union ay hindi responsable sa anumang paggamit ng mga impormasyong nilalaman nito.